DIWA E-Journal, Tomo 5 (2017), 1-22

Walang Pakisama o Walang Kapwa-Tao?: Isang Sikolohikal na Pagsusuri sa Tindi ng Paglabag at Ugnayan sa Relasyong Panlipunan

Jay A. Yacat[1]
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Abstrak

Sa pag-aaral na ito, siniyasat ang epekto ng paglabag sa mga Pilipinong pagpapahalaga o *values* sa balangkas ni Virgilio Enriquez (1990) tulad ng *pakikipagkapwa-tao* (*core*) at *pakikisama* (*surface*). Gumamit ng isang 3 (Paglabag sa *Values*: *Pakikisama vs. Pakikiramdam vs. Pakikipagkapwa-Tao*) X 2 (Ginawa ng *Hindi Ibang Tao* o ng *Ibang Tao*) *Factorial* na Disenyo sa eksperimentong ito kung saan may 163 na di-gradwadong mag-aaral mula sa isang pampublikong unibersidad ang itinakda sa paraang random sa anim na grupo. Bawat isang kalahok ay binigyan ng salaysay na naglalahad ng paglabag sa isa sa tatlong piniling *value* na ginawa laban sa kanila ng isang itinuturing na *ibang tao* (kaklaseng hindi kapalagayang-loob) o *hindi ibang tao* (kaklaseng maituturing na kapalagayang-loob). Matapos nito, pinatasa sa mga kalahok ang bigat ng paglabag, tindi ng negatibong damdamin na mararanasan, at ang desisyon ukol sa kahihinathan ng relasyon o ugnayan. Napag-alamang may magkakaibang epekto ang uri ng paglabag ng mga *value* at tipo ng relasyon sa pagtatasa ng bigat ng paglabag, tindi ng negatibong damdamin, at desisyon sa pagpapanatili ng relasyon. Kapwa pinagtitibay at hinahamon ng mga resulta ng pag-aaral ang ilang proposisyon sa modelo ni Enirquez ng mga pagpapahalagang Pilipino.

Abstract

In this study, the effect of transgressions of the values indicated in Virgilio Enriquez's (1990) model, such as *pakikipagkapwa-tao* (core) and *pakikisama* (surface) values, was tested. A 3 (Values Transgression: *Pakikisama vs. Pakikiramdam vs. Pakikipagkapwa-Tao*) x 2 (violations done by a close other or *Hindi Ibang Tao* vs a distant other or *Ibang Tao*) Factorial Design was used in this experiment, involving 163 undergraduates from a state university randomly assigned to six experimental groups. Each participant was asked to read a vignette that describes the self as being the victim of one of the three values transgressions, having been committed by either a fellow student, who is described to be either a close other or a distant other. After which, the participants were asked to assess the severity of the violation, their corresponding emotional reactions, and their decisions about the relationship with the fellow student. Some significant interaction effects were observed in the type of values transgression and the type of relationship on judgments of severity, level of negative emotions experienced, and decisions on relationship outcomes. The results both confirm and challenge some of the assertions in the Enriquez model of Filipino values.

[1] Nagpapasalamat ang may-akda sa payo, suhestiyon, at tulong nina Prop. Divine Love Salvador at Prop. Josefina Andrea Cantiller sa yugto ng pagsusulat ng papel na ito.

Yacat (Departamento ng Sikolohiya, Unibersidad ng Pillipinas Diliman): jayacat@gmail.com
Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino ISSN 2350-7624
4-A Alcal Building, 285 Katipunan Ave., Quezon City: http://www.pssp.org.ph/diwa/diwa-5/

INTRODUKSIYON

Kinikilala na mahalagang salik sa kilos natin ang ating mga pinanghahawakang pagpapahalaga o *values*. Itinuturing ang *values* bilang mga lipon ng mga paniniwala sa mga positibo at minimithing layunin na siyang ginagagamit natin bilang batayan sa pagpili at pagtatasa ng mga kilos, lalo't higit sa konteksto ng mga alanganing sitwasyon (Schwartz 1992). Bukod sa mga ito, napag-alaman din na pinapadaloy ng mga *values* ang positibong pakikitungo sa magkakagrupo (*e.g.*, sa kaso ng *benevelonce* at *universalism*) at pagtatanggol sa sariling ideya o grupo (*e.g.*, sa kaso ng *achievement* at *tradition*).

Dahil itinuturing na lubhang mahalaga ang mga interpersonal na relasyon sa mga kolektibistang kultura (Smith *et al*. 2006), tulad halimbawa ng Pilipinas, may katuturang ipagpalagay na importante rin para sa mga tao sa mga lipunang ito ang pagpapanatili at pagpapabuti ng ganitong mga relasyon. Kaya naman hindi rin malayong asahan na makabubuo ng at magkakasundo sa isang sistema ng pagpapahalaga ang isang kultura upang gabayan ang pagbuo, paglago, at pananatili ng mga ugnayang ito. Subalit, ano kaya ang mangyayari kung may magaganap na paglabag sa mga *values* na ito? Nakatuon ang papel na ito sa mga salik na nakakaimpluwensya sa mga sikolohikal na reaksyon sa ganitong mga uri ng paglabag. Bakit mas nakapagdudulot ng mas magtinding reaksyon ang ibang mga paglabag kaysa iba? Ano ang epekto ng ganitong mga paglabag sa relasyon?

Maaaring tingnan ang mga *relational transgression* bilang mga pagsuway sa mga inaasahang gampain ng isang tao sa loob ng isang relasyon (Rungduin at Rungduin 2013). Pinalilitaw ng mga paglabag na ito ang ilang importanteng sikolohikal na prinsipyo at mga proseso na may kinalaman sa *values*. Itinuturing na nagbabadya ng panganib ang *relational transgression* sa mga pinagsasaluhang *values* na sinasalamin ng mga pagtaliwas sa mga inaasahang pagkilos (Tyler at Boeckmann 1997; Vidmar 2002). Halimbawa, kung sadyang sinuway ng isang tao ang mga inaasahang kilos sa loob ng relasyon (*e.g.*, nagtaksil o ipinagkanulo ang karelasyon), nangangahulugan din na kinukuwestiyon ng taong iyon ang mga *values* na nagpapatibay at nagbibigay-katuturan sa relasyon, at kapagdaka'y pinahihina ang pundasyon ng nasabing relasyon.

Naglahad sina Jessica Cameron at mga kasama (2002) ng sampung kategorya ng mga karaniwang negatibong kilos na itinuturing na mga relasyonal na paglabag: (1) hindi pagtupad sa pangako; (2) malabis na reaksyon sa kilos ng relasyon; (3) pagkilos na walang konsiderasyon sa karelasyon; (4) hindi pagrespeto sa antas ng *intimacy* na hangad ng karelasyon; (5) pagpapabaya sa karelasyon; (6) pagbabanta ng pangangaliwa; (7) aktwal na pangangaliwa; (8) berbal na agresyon laban sa karelasyon; (9) walang batayang pakikipagtalo; at (10) karahasan laban sa karelasyon.

Kapag nagaganap ang ganitong mga uri ng paglabag sa isang relasyon, nakapagdudulot ito ng matitinding negatibong reaksyon (Weiner 1995; Rozin 1996; Fincham *et al.* 2005). Nagtukoy si John Gottman (1993) ng dalawang negatibong tugon sa ganitong mga paglabag: *sama ng loob* o *hinanakit* (*hurt-perceived attack*) at *galit* o *ngitngit* (*righteous indignation*). Pinalawig pa nina Michael McCullough at mga kasama (1998) ang ganitong

pagtingin sa pamamagitan ng pagsusulong na may dalawang tipo ng negatibong damdamin ang makapagdudulot naman sa dalawang magkahiwalay na *motivational* na tugon sa isang pagkakasala. Ang takot at pangamba ay magdudulot sa pagnanais na iwasan ang taong nanakit samantalang ang pagkadama ng ngitngit ay maaaring magtulak sa isang tao na gumanti sa taong nanakit sa kanya (isang *revenge motivation*). Subalit, ayon kina Collin Barnes at mga kasama (2009), maaari ring tingnang ang pag-iwas o hindi pagpansin sa taong nagkasala ay hindi lamang dulot ng takot o pangamba kundi maaari ring isang anyo ng paghihiganti. Bukod sa galit at takot, posibleng meron pang ibang mga damdamin na maaaring maramdaman matapos makaranas ng isang paglabag sa kamay ng isang kaugnayan: inis, lungkot, at pagkapahiya.

Bukod sa pag-igting ng motibasyong umiwas o gumanti, maaari ring maging batayan ang naging paglabag sa pagdedesisyon ukol sa pagpapatuloy ng relasyon sa taong may sala. May posibilidad na magdulot ito ng paglayo ng loob at maging hudyat ng kawalan ng pinagsasaluhang identidad (*shared identity*), na nagpapababa naman ng pagkagusto at komitment sa relasyon (tingnan ang Aron *et al*. 1991). Hindi malayong mauwi sa tuluyang pagkawasak ng relasyon ang kaganapang ito. Ngunit hindi lahat ng uri ng paglabag ay awtomatikong nagdudulot ng pagkawasak ng relasyon. Ang tinatayang bigat ng paglabag ay isang importanteng salik sa pagdedesisyon kung ang isang pagkakasala ay may malaking negatibong epekto sa isang relasyon (Ohbuchi *et al*. 1989; Girard at Mullet 1997). Ang mga mas mabibigat na paglabag ay nakikita ring may malaking epekto sa relasyon (McCullough *et al*. 1998). Napag-alaman ding may mga paglabag na itinuturing na labis ang bigat na posibleng wala itong kapatawaran (Younger *et al*. 2004).

ANG TEORYA NG *KAPWA* AT PAGLABAG SA MGA *VALUES*

Ipinanukala ni Virgilio Enriquez (1978) ang *kapwa* o *pakikipagkapwa* bilang sentral na *value* sa pagtutunguhan at relasyong Pilipino. Upang bigyang-diin ang importansya ng *kapwa*, nagsulong siya ng isang sistema ng pagpapahalaga na umiikot at nagmumula sa pagpapahalaga sa *kapwa* (tingnan ang Hanayan 1). Maaaring sabihing ang pagtatangka ni Enriquez na bumuo ng isang sapin-saping balangkas ay pagpapahiwatig ng kanyang pananaw ukol sa magkakaibang diin o timbang ng mga *values*: isang posisyon na makikita rin sa mga pananaw ng iba pang mananaliksik sa larangan ng *values* tulad nina Milton Rokeach (1973) at Shalom Schwartz (1992). Ang pagtukoy sa *kapwa* bilang *core value* ay isang paraan ng pagsasabing ito ang pinakamatimbang na *value* kumpara sa dalawa pang kategorya: *pivot value* (*pakikiramdam*) at *surface values* (posibleng *accommodative* o *confrontative*).

Hanayan 1. Sistema ng Pagpapahalagang Pilipino (Enriquez 1992)

Surface Values			
Accommodative	HIYA	UTANG NA LOOB	PAKIKISAMA
Confrontative	BAHALA NA	LAKAS NG LOOB	PAKIKIBAKA
Pivotal Interpersonal Value		PAKIKIRAMDAM	
Core Value		KAPWA	

Malaki ang implikasyon ng pagturing ni Enriquez sa *pakikisama* bilang isang *surface value*. Isang maaaring pakahulugan ng pagiging *surface* ay ang pagiging mababaw lamang nito bilang isang *value*. Sa aking palagay, ang pagtalaga niya sa *kapwa* bilang *core value* ay pagpapahayag ng kanyang hindi pagsang-ayon sa nasaksihan niyang pag-aangat sa pedestal ng *pakikisama* bilang isang *value*.

Lubos na matitimbang ang importansya ng *kapwa* bilang isang *value* sa pamamagitan ng paglalarawan ng isang masamang tao (Enqiruez 1978). Para kay Enriquez, lubos na pagkagulat at pagkadismaya ang mararamdaman ng isang Pilipino kung ito ay makakasalamuha ng isang taong *walang kapwa*. Maaari pang mapatawad ang isang taong walang *pakikisama* o yaong taong walang *pakikiramdam* subalit kapag nabansagan ang isa bilang walang *kapwa-tao*, nangangahulugang napakasama na ng taong ito, ayon kay Enriquez. Batay sa ganitong lohika, nagsisilbing pinakahaligi ng lahat ng mga pagpapahalaga sa kulturang Pilipino ang *kapwa* kung kaya ito ay itinuring ni Enriquez bilang *core value*. Nakasalalay rin sa pagpapahalaga sa *kapwa* hindi lamang ang personalidad ng isang tao kundi maging ang kanyang pagkatao at pagka-Pilipino (Enriquez 1992). Ang ganitong mga pagpapalagay ang naging batayan ng mga hipotesis na siyang inimbestigahan sa kasalukuyang pag-aaral.

Mula sa ganitong pormulasyon, maaaring ipalagay na ang bigat ng paglabag ay posibleng may kinalaman sa relatibong importansya ng *value* o pagpapahalagang naisantabi o nilabag. Alinsunod sa Teorya ng *Kapwa*, ipinapalagay na: ang paglabag sa *pakikipagkapwa* ay ituturing na pinakamabigat kumpara sa iba pang paglabag. Samantala, ang paglabag sa *pakikisama*, na isang *surface value*, ay maituturing na pinakamagaan kumpara sa *pakikipagkapwa*.

URI NG RELASYON BILANG SALIK: ANG PAPEL NG *IBANG TAO* (IT) AT *HINDI IBANG TAO* (HIT)

Isa pang mahalagang sikolohikal na konsepto na ipinakilala ng Teorya ng *Kapwa* ay ang pag-iiba ng *ibang tao* (IT) at *hindi ibang tao* (HIT). Naunang inilahad ang pagkakaibang ito batay na rin sa konseptwal at linggwistikong pagsusuri na isinagawa nina Carmen Santiago at Enriquez (1976) tungkol sa mga terminong ginagamit para sa pagtutunguhan. Walong antas ang natukoy batay sa pagsusuring ito (tingnan ang Hanayan 2). May mga pagtutunguhan na mas angkop para sa IT at mayroong mas angkop para sa HIT.

Hanayan 2. Antas ng Pagtutunguhan
Batay sa Dalawang Kategorya ng Kapwa (Santiago 1976)

Kategoryang Ibang Tao	**Kategoryang Hindi Ibang Tao**
Pakikitungo	Pakikipagpalagayang-loob
Pakikisalamuha	Pakikisangkot
Pakikilahok	Pakikiisa
Pakikibagay	
Pakikisama	

Gamit ang balangkas na ito, nagsagawa si Santiago (1976) ng *nakikilahok na pagmamasid* sa isang piyesta sa Bulakan upang subukin ang katuturan ng balangkas. Batay sa resulta ng kanyang pananaliksik, lima lamang sa walong antas ang kanyang nahanapan ng mga kaukulang mga pagkilos: *pakikitungo*, *pakikibagay*, *pakikisama*, *pakikipagpalagayang-loob*, at *pakiiisa*.

Kapansin-pansin na mas pinili ni Enriquez (1978), na idiin ang uganayan ng kategoryang IT at HIT. Ayon sa kanya, maaaring ipaloob ang dalawang kategorya sa iisang konsepto: ang *pakikipagkapwa*. Wika niya:

> ...lahat ng mga antas—mapa-*ibang tao* o *hindi ibang tao* man—ay maigugrupo sa ilalim ng *pakikipagkapwa*. Kaya naman, sinuman ang maghahanap ng batayang konsepto na magpapaliwanag sa pagtutunguhan ng mga Pilipino ay magigilalas sa masaklaw na konsepto ng *kapwa*. Ito ang natatanging konseptong sumasaklaw sa kategoryang *ibang tao* at *hindi ibang tao*. Idagdag pa, ito rin ang sumasaklaw sa lahat ng mga antas ng pagtutunguhan sa dalawang kategorya... (Enriquez 1978) (akin ang malayang salin mula sa Ingles).

Kung susundin ang kanyang pagdadalumat, parehong *kapwa* pa rin ang IT at HIT. Hindi naging malinaw kung paano mapanghahawakan ang posibleng pagkakaibang kaakibat ng ugnayan o relasyon sa dalawang kategorya. Sa kabila nito, may pagtalakay rin si Enriquez na mas nagbibigay-pokus sa pagkakaiba ng dalawa. Kung minsan, ginagamit niya ang terminong "taga-labas" upang tukuyin ang IT at "taga-loob" naman para sa HIT, na sa aking pananaw ay nagpapahiwatig na ang IT at HIT ay itinuturing na hangganan sa pagitan ng mga grupo. May pagkakataon namang ginagamit ni Enriquez ang "*iba-sa-akin*" para sa IT at "*hindi-iba-sa-akin*" para naman sa HIT, na nagpapakita naman ng interpersonal na distansya.

Subalit naniniwala akong ang IT at HIT ay kaiba sa nakasanayang "*intergroup differentiation*" na matibay na konsepto sa Kanluraning sikolohiyang panlipunan. Mas pabor ako sa ideyang ang IT at HIT ay pamantayan ng interpersonal na distansya.

Sinubok namin ito sa pamamagitan ng isang pag-aaral kung saan ipinalilista namin sa mga kalahok kung sinu-sino ang itinuturing nilang IT o HIT (Yacat *et al*. 2009). Batay sa listahang ito, hiningi rin namin mula sa mga kalahok ang kanilang dahilan kung bakit IT o HIT ang turing nila sa mga binanggit na tao. Batay sa aming pagsusuri, napag-alaman naming may 11 temang na may kinalaman sa katangian ng kanilang relasyon sa tao (at hindi katangian ng taong karelasyon) ang batayan sa pagturing dito bilang IT o HIT. Ipinapahiwatig ng resultang ito na posibleng ang HIT at IT ay mga konseptong relasyonal o interpersonal (*relational constructs*) at hindi *intergroup* na mga konsepto. Dagdag na pagpapatibay pa na naglalahad ang mga kalahok sa pag-aaral ng mga taga-loob (*e.g.*, mga kapamilya o kamag-anak) bilang halimbawa ng IT, na malinaw na pagsusubali sa pagturing dito bilang *intergroup* na konsepto.

Upang mas pinuhin ang ganitong pagsusuri, bumuo kami ng 40 aytem na panukat, ang *Panukat ng Ugnayang Pilipino*, na nakabatay sa mga temang natagpuan sa nabanggit na pagsusuri (Yacat *et al*. 2009). Pinasagutan ang panukat na ito sa dalawang grupo ng estudyante: ang isang grupo ay nag-iisip ng isang tao na itinuturing nilang IT habang ang isa namang grupo ay nagpokus sa isang taong itinuturing nilang HIT para sa kanila. Nagkaroon ng makabuluhang istadistikal na pagkakaiba sa lahat ng mga aytem: Mas mataas o mas positibo ang mga *rating* na ibinigay sa taong itinuturing na HIT. Nagsagawa ng *exploratory factor analysis* (EFA) ng 40 aytem at natagpuang may limang tema o dimensyong nag-iiba sa HIT at IT: *lapit ng loob* (*closeness*), *gaan ng loob* (*positive affect*), *tagal ng pagkakakilala* (*length of relationship*), *dalas ng pagkikita* (*frequency of interactions*), at *pagkakasundo* (*sharedness*). Sa mga ito, pinakamatimbang ang lapit ng loob na tinatayang nagpapaliwanag sa 40% ng pagkakaiba sa pagturing sa HIT at IT. Ginamit din ni Cherrie Joy Billedo (2009) ang panukat upang tingnan kung magiging makabuluhan ito sa mga *online* na relasyon at pagtutunguhan. Naging magkatulad ang resulta nito sa naunang pag-aaral.

Bumuo naman si Jose Antonio Clemente (2011) ng isang 5-aytem na panukat na ibinatay sa limang tema upang matagumpay na mapag-iba ang pagiging HIT at IT ng mga guro para sa kanilang mga estudyante. Samantala, natagpuan naman ni Pia Anna Ramos (2010) na may kaibahan din ang ikikinilos ng mga tao bilang *pakikitungo* sa kanilang IT at HIT na mga *contact* sa mga *social networking site*.

Samakatwid, posibleng sabihing ang mga reaksyon ng mga tao sa isang paglabag sa konteksto ng isang relasyon ay naiimpluwensyahan din ng tipo ng relasyong mayroon: kung IT ba o HIT. Halimbawa, may ebidensyang nagsasabing mas mabigat ang dating ng mga paglabag na ginawa ng isang taong malapit kaysa mga taong hindi gaanong kilala (Haidt at Baron 1996). Posibleng napatitingkad ng pagiging malapit sa loob ang sakit na dulot ng isang taong pinagkakatiwalaan dahil: 1) ang paglabag ay hindi inaasahan, at 2) madalas ito ay ipinapakahulugan bilang pagbabalewala sa tiwalang ipinagkaloob. Halimbawa, napag-alamang pinakamasakit para sa mga batang lansangan ang makaranas ng pang-aabuso sa kamay ng mga pinagkakatiwalaan (Dela Cruz *et al*. 2001).

Sa kabila nito, napag-alaman ding malakas ang tulak sa mga taong manatili sa malalapit na ugnayan. Naglahad sina McCullough at mga kasama (1998) ng pitong dahilan kung bakit mas ninanais ng mga taong manatili at ayusin ang relasyon kaysa iwanan at tuluyang wakasan ito:

1. Mataas na investment sa relasyon
2. Pananaw sa relasyon bilang matagalang komitment
3. Mataas na antas ng pagkakatulad ng interes
4. Mas may konsiderasyon sa karelasyon
5. Kahandaang makita ang panig ng karelasyon
6. Paniniwala na ang intensyon ng karelasyon ay para sa ikabubuti ng relasyon
7. Pagiging bukas sa paghingi ng tawad

Karamihan ng mga pag-aaral na may kinalaman sa epekto ng mga relasyonal na paglabag sa katayuan ng relasyon ay pawang nakatuon sa mga romantikong relasyon (*e.g.*, Ysseldyk at Wohl 2012) ngunit may ilan din namang nakatuon sa pagkakaibigan (Park at Enright 1997). Hindi gaanong napag-uusapan ang implikasyon ng mga relasyonal na paglabag sa ugnayan sa pagitan ng mga bagong magkakilala pa lamang.

ANG KASALUKUYANG PAG-AARAL

Para kay Enriquez (1992), ang mga ugnayan sa pagitan ng mga elemento sa kanyang modelo ng *values* ay pawang mga "kinikilalang" ugnayan, subalit hindi kumbinsido ang ilang mananaliksik (Sta. Maria 1996; Church at Katigbak 2002) na litaw na litaw nga ang mga ugnayang ito at nabahala sa tendensya ng mga Pilipinong sikolohista na tanggapin ang pagkakaugnay-ugnay ng mga konsepto nang walang malinaw na empirikal na pagpapatibay. Upang tugunan ang hamong ito, nilalayon ng kasalukuyang pag-aaral na makapagbigay ng kaukulang pagsubok sa ilan sa mga isinusulong na pormulasyon batay sa Teorya ng *Kapwa* sa konteksto ng paglabag ng mga *values* sa loob ng isang relasyon. Nais kong malaman kung may epekto ang paglabag sa tatlong uri ng *values* (*core vs. pivot vs. surface*) sa pagtatasa ng mga tao sa bigat ng pagkakasala, tindi ng mga negatibong damdamin, at desisyon ukol sa kahahantungan ng relasyon. Nais ko ring tiyakin ang papel ng relasyong IT at HIT sa ganitong mga konteksto.

Upang maisagawa ang mga ito, humalaw ako sa mga kasalukuyang metodolohiya sa ganitong larangan ng pananaliksik. Halimbawa, napag-alaman na karaniwan ang paggamit ng mga *vignette* o maiikling kuwento sa mga pananaliksik kung saan nilalayong suriin ang lipon ng mga kilos na hindi maaaring mapalitaw sa isang laboratoryo dahil sa praktikal at etikal na mga panahilan (Finch 1987; Schoenberg at Ravdal 2000; Knutson *et al*. 2010). Samantala, mas epektibo rin kung ang pagsukat ng bigat ng paglabag ay kinukuha sa perspektibo ng kalahok bilang biktima (*e.g.*, Boon at Sulsky 1997; Fincham 2000).

Sa mga pagkakataong may pinagbabatayang kategorya ang bigat ng paglabag (tulad ng layon ng pag-aaral na ito), inihaharap sa mga kalahok ang mga *vignette* na naglalarawan ng mga paglabag na ito (*e.g.*, Darby at Schlenker 1982). Importante na malinaw ang paglalarawan ng paglabag (Knutson *et al.* 2010). Kaya naman, kinakailangang ang mga *vignette* na gagamitin sa pag-aaral ay tunay na naglalarawan ng mga paglabag sa tatlong kategorya ng mga *values*: *pakikipagkapwa-tao* (*core*), *pakikiramdam* (*pivot*), at *pakikisama* (*surface*). Ikalawa, importante ring ang tatasahing kilos o paglabag ay ginawa laban sa kanila ng isa pang tao.

Malaking hamon, sa gayon, ang pagbubuo ng magkakaibang *vignette* para sa dalawang uri ng paglabag. Itinuring ni Enriquez (1990) ang *pakikipagkapwa-tao* bilang pagkilala sa parehong pagka-tao. Sa ganitong aspekto, ang *pakikipagkapwa-tao* ay ipinakahulugan nang pagtrato sa *kapwa* bilang tao at aasal tungo dito sa isang makataong paraan. Bahagi ng *pakikipagkapwa-tao* ang pagtanggap sa iba bilang kapantay at pagrespeto sa dignidad ng iba bilang tao. Kaya naman, ang pagkilos na nagpababa o sumisira sa dignidad ng isang tao ay maituturing na malinaw na paglabag sa *pakikipagkapwa-tao*. Gamit ang *Act Frequency Approach*, inimbestigahan ni Eric Julian Manalastas (2009) kung aling mga kilos ang maihahanay sa *pakikipagkapwa*. Napag-alaman niyang ang *pakikipagkapwa* ay tumutukoy sa positibong pagtutunguhan kasama na rin ang pagtulong at mahusay na interpersonal na komunikasyon.

Inilarawan ni Rita Mataragnon (1987) ang *pakikiramdam* bilang tentatibong pagkilos na naglalayong makaiwas na makapanakit sa *ibang tao*. Nangangahulugan na ang taong matalas ang *pakikiramdam* ay inilalarawan bilang maunawain at mapagkalinga habang ang taong mahina ang *pakiramdam* ay posibleng maakusahan bilang walang konsiderasyon at pakialam sa iba. Sa *pakikiramdam*, kinakailangang aktibong inaalam o binibigyang-kahulugan ang isang sitwasyon o ibang mga tao sa isang pagtutunguhan. Kung kaya naman, inaasahang ang mga taong "walang *pakikiramdam*" ay kikilos nang hindi naaayon sa sitwasyon, o hindi rin nalalaman kung sila ay nakapanakit na ng ibang tao.

Isa naman sa pinakakilalang *value* ng mga Pilipino ang *pakikisama*. Para kay Frank Lynch (1973), maaaring tingnan ang *pakikisama* bilang importanteng paraan kung paano naabot ng mga Pilipino ang "*smooth interpersonal relations*" (SIR), na paraan upang mapanatili ang pagtanggap sa lipunan. Kasama sa *pakikisama* ang tendensyang magpasailalim sa at nais ng grupo (Mataragnon 1987). Posibleng ituring bilang halimbawa ng kawalan ng *pakikisama* ang mga kilos na lumalayo sa kasunduan ng grupo.

MGA HIPOTESIS

Epekto ng Uri ng Paglabag

Alinsunod sa Teorya ng *Kapwa*, ipinapalagay na ang ituturing na pinakamabigat o seryosong paglabag ang paglabag sa *pakikipagkapwa-tao*, dahilan sa kalikasan nito bilang *core value*. Inaasahan din namang ito ang makapagdudulot ng pinakamatinding negatibong damdamin, at may pinakanegatibong epekto sa pagdedesisyon ukol sa relasyon.

Sa kabilang dako, tinatayang ang paglabag sa *pakikisama*, na isang *surface value*, ay tatasahin bilang hindi kasing-seryoso, hindi kasing-tindi, at hindi gaanong makakaapekto sa katayuan ng relasyon kumpara sa paglabag sa *pakikipagkapwa-tao*. Samantala, ang epekto ng paglabag sa *pakikiramdam* sa mga sinusukat na salik ay inaasahang nasa pagitan ng mga paglabag sa *pakikipagkapwa* at *pakikisama*.

Epekto ng Uri ng Relasyon

Batay sa asampsyon ng Teorya ng *Kapwa* na parehong *kapwa* ang IT at HIT, posibleng isipin na walang aasahang pagkakaiba sa dalawang relasyon. Subalit batay na rin sa mga naunang pag-aaral na nagpapahayag na may makabuluhang pagkakaiba ang HIT at IT, inaasahang magkakaroon ng makabuluhang epekto ang uri ng relasyon (HIT at IT) sa mga sinusukat na salik. Dahil hindi pa gaanong matatag ang IT na relasyon, inaasahang ang mga pagkakasalang ginawa ng isang taong itinuturing na IT ay makikitang mas seryosong paglabag at nagdudulot ng mas matinding negatibong damdamin, kaya naman posibleng mauwi ito sa pagkasira ng relasyon. Samantala, bagama't makikita ring seryosong paglabag ang pagkakasalang ginawa ng isang HIT at magdudulot din ito ng matinding negatibong emosyon, inaasahang mas mababa ang pagtatasa sa mga ito kung ikukumpara sa paglabag ng IT. Idagdag pa na hindi ito hahantong sa desisyong putulin ang relasyon sa kabila ng bigat ng paglabag at tindi ng negatibong damdaming naranasan.

Mga Inaasahang Interaksyon

Para sa mga pagtatasa ukol sa bigat o timbang ng paglabag, alinsunod sa Teorya ng *Kapwa*, ipinapalagay na walang masyadong pagkakaiba kung ang paglabag sa *pakikipagkapwa-tao* ay ginawa ng isang IT o HIT dahil mananaig ang pagiging "*core*" ng *pakikipagkapwa-tao*. Inaasahang mauuwi ito sa pagkasira ng relasyon, ito man ay sa HIT o IT.

Samantala, inaasahan namang ang paglabag sa *pakikiramdam* ay mas makikitang mas seryoso at mas magdudulot ng mas mataas na negatibong damdamin kung ito ay ginawa ng HIT kaysa IT. Ito ay sa dahilang mas aaasahang marunong makiramdam ang isang HIT kaysa IT. Ngunit hindi naman inaasahang mauuwi ito agad sa pagkasira ng relasyon.

Sa isang banda, mas matindi ang negatibong epekto ng paglabag sa *pakikisama* (kapwa sa pagtatasa ng bigat ng paglabag at negatibong damdamin) kung ito ay isinagawa ng isang IT pa lamang ang relasyon. Ito ay sapagkat ang *pakikisama* ang isa sa mga pinakainaasahan kung ang relasyon ay IT pa lamang, ayon sa balangkas nina Santiago at Enriquez (1978). Kung hindi ito kayang panindigan sa isang relasyon pasimula pa lamang, posibleng humantong ito sa pagkasira o pagkawasak ng nabubuong relasyon.

METODO

Kalahok

May kabuuang bilang na 163 di-gradwadong mag-aaral mula sa isang malaking pampublikong unibersidad ang naging kalahok sa pananaliksik. Nirekluta ang mga estudyante sa pamamagitan ng pag-anunsyo ng pag-aaral sa mga klase ng sikolohiya at iba pang agham panlipunan. Boluntaryong lumahok ang mga estudyante sa pag-aaral na ito.

Ang mga nagboluntaryong lumahok ay binigyan ng isang URL link sa isa sa anim na kondisyon ng pag-aaral. Nakatanggap ang bawat kalahok ng isa sa apat na *vignette* na nakasulat sa wikang Filipino na naglalarawan sa isang paglabag na isinagawa laban sa kanila ng isang kaklaseng tinawag na A. Isinagawa ang pagkalap ng datos noong Agosto 2012.

Materyal

Bawat *vignette* ay may inpormasyon ukol sa kanilang relasyon kay A (*Ibang Tao* o *Hindi Ibang Tao*) at ang kalikasan o uri ng nagawang paglabag ni A laban sa kanila.

Manipulasyon ng HIT-IT na Relasyon

Sa unang pahina ng *online* na materyal, mababasa ng kalahok ang pagpapakilala sa kanilang relasyon ni A. Upang mapag-iba ang kalikasan ng relasyon ng kalahok kay A, sinikap na ang paglalarawan sa relasyong IT ay magsasabi na bagong magkakilala pa lamang sila ni A at kaunti lamang ang alam nila sa isa't isa dahilhindi sila gaanong nagkakausap.

> *Paglalarawan sa IT*: "Bago pa lang kayong magkakilala ni A dahil magkaiba kayo ng *course* at ngayong sem mo lang siya naging kaklase sa isang GE *subject*. Hindi kayo *seatmate* at bihira kayong makapag-usap kaya kaunti lang ang alam ninyo tungkol sa isa't isa. Sa isang *project* ay na-*assign* kayong maging *groupmate* kasama ang dalawa pang ibang kaklase."

Samantala, importanteng ilarawan ang pagiging HIT ng relasyon ng kalahok kay A sa pamamagitan ng pagtukoy na matagal na silang magkakilala, marami silang pagkakapareho ng karanasan bilang magkakurso at madalas silang magkakuwentuhan.

> *Paglalarawan sa HIT*: "Matagal na kayong magkakilala ni A dahil pareho kayo ng *course* at ilang beses na rin kayong naging magkaklase sa ilang GE at *major subject*. Madalas ay *seatmate* kayo at malimit kayong magkakuwentuhan kaya marami-rami na rin kayong alam tungkol sa isa't isa. Ilang beses na rin kayong naging *groupmate*. Sa isang *project* ay pinili ninyong maging *groupmate* kasama ang dalawa pang kaklase."

Matapos mabasa ang paglalarawang ito, hihilingin sa kalahok na tasahin (gamit ang 11 puntong iskala) ang kanilang relasyon kay A batay sa *vignette* gamit ang tatlong aytem na batay sa mga dimensyong natagpuan sa aming naunang pag-aaral (Yacat *et al*. 2009): lapit ng loob; gaan ng loob; at pagkakasundo. Inaasahang magiging mas mataas ang *rating* para sa HIT kaysa IT sa mga panukat na ito.

Manipulasyon ng Uri ng Paglabag

Sa susunod na pahina ng *online* na materyal, mababasa ng kalahok ang paglalarawan sa isa sa tatlong uri ng paglabag na binuo para sa pag-aaral. Maingat na isinulat ang mga *vignette* upang mailarawan ang dalawa sa tatlong elemento ng epektibong vignette sa mga pag-aaral ng pagtatasang moral: malinaw na paglalarawan ng paglabag at ang paglabag ay sinadya o pinili ng target (sa pag-aaral na ito, si A).

Bukod dito, pinili ang sitwasyon para sa bawat paglabag batay sa pagtatanung-tanong na isinagawa sa 30 mag-aaral sa isang kurso ng Sikolohiyang Pilipino. Halaw sa naging lapit ni Manalastas (2009), humingi sa mga kalahok ng mga halimbawa ng pagkilos na magpapakita ng paglabag sa *pakikipagkapwa-tao* at *pakikisama*. Mula rito, napag-alamang ang pamamahiya at pagmamaliit ay nakitang matingkad na halimbawa ng paglabag sa *pakikipagkapwa-tao*. Samantala, pinili ang hindi pagtupad sa isang kasunduan bilang halimbawa ng kawalan ng *pakikisama*. Makikita sa ibaba ang paglalarawan sa bawat paglabag:

> *Paglabag sa Pakikipagkapwa-tao*: "Habang nagpaplano kayo para sa inyong *project*, may isang magandang *suggestion* na ibinigay si A. Dahil dito, na-*inspire* kang magbigay rin ng ibang *suggestion* para sa *project*. Hindi ka pa natatapos magpaliwanag ng ideya mo, agad na sumabat si A at sinabing 'Ang bobo mo naman niyan.' Aniya, kapag sinunod na grupo ang *suggestion* mo, tiyak na 5.0 ang *grade* na makukuha nila kaya dapat lang na yung ideya niya ang sundin."
>
> *Paglabag sa Pakikiramdam*: "Habang nagbe-*break* kayo mula sa inyong *group meeting* para sa *project*, sinimulan kang ulanin ng tukso ni A. Biniro ka niya mula sa iyong pananamit at iba pang napapansin niyang mga *idiosyncracy* mo. Noong una, sinasabayan mo yung mga hirit niya at nakikitawa naman ang iba ninyo pang *groupmate*. Kaya lamang, nang lumaon, mas tumitindi na ang kanyang mga panunukso. Kahit na nakiusap ka na at sinabing 'OK, tama na yan. *Work* na tayo uli,' sumige pa rin siya sa katutukso sa iyo."
>
> *Paglabag sa Pakikisama*: "Napagkasunduan ninyong para sa *presentation* ng inyong *group project* bukas ay magku-*costume* kayo. Sa simula ay ayaw pumayag ni A pero nang lumaon ay sumang-ayon na rin siya. Kinabukasan, nagulat kayo nang dumating si A sa *classroom* nang hindi siya naka-*costume*. Wala rin siyang paliwanag kung bakit hindi siya tumupad sa usapan.

Upang tiyaking naunawaan ng mga kalahok ang sitwasyong inilarawan, pinasagot ang mga kalahok ng mga karagdagang aytem na nagsilbing tsek ng manipulasyon. Tinanong sa mga kalahok kung naging malinaw para sa kanila ang naging paglalahad ng paglabag. Hiningi rin ang kanilang pagsang-ayon kung ang mga inilahad na paglabag ay pagpapahayag ng pagmamaliit (sa kaso ng paglabag sa *pakikipagkapwa-tao*), walang pagpapahalaga sa damdamin ng iba (sa kaso ng *pakikiramdam*), at hindi pagtupad sa kasunduan (sa kaso ng *pakikisama*).

Panukat

Matapos mabasa ang *vignette*, hiniling sa mga kalahok na sumasagot ng ilang tanong tungkol sa inilarawang insidente kasama ang kanilang damdamin at naiisip tungkol dito.

Bigat ng Paglabag

Ang bigat ng paglabag (kung gaano ito kaseryoso) ay sinukat gamit ang 7-puntos na iskala (1 – "Balewala lang sa akin" tungo 7 – "Grabe ang ginawa sa akin").

Negatibong Damdamin

Sampung aytem na tumutukoy sa iba't ibang damdamin ang pinatasa sa mga kalahok kung gaano katindi nila ito naramdaman gamit ang sumunod na iskala (1 – "Hindi matindi" tungo 7—"Matindi"). Tanging ang mga sumusunod na negatibong damdamin lamang ang ginamit sa pagsusuri: inis, pagkabigla, tampo o hinanakit, sama ng loob, galit, pagkapahiya, at lungkot.

Pagpapanatili sa Relasyon

Inalam din mula sa mga kalahok kung ano ang kanilang magiging desisyon ukol sa relasyon kay A matapos ang insidente ng paglabag, gamit ang 7-puntos na iskala (1 – "Hindi na ipinagpapatuloy ang relasyon" tungo 7 – "Walang dudang ipagpapatuloy ang relasyon").

Disenyo at Kaukulang Pagsusuri ng Datos

Isang 3 (Paglabag: *Pakikipagkapwa-Tao vs. Pakikiramdam vs. Pakikisama*) (Relasyon: IT *vs.* HIT) X 2 disensyong *factorial* ang isinagawa para sa pag-aaral. Makikita sa Hanayan 3 ang bilang ng mga kalahok sa bawat eksperimental na kondisyon.

Hanayan 3. Bilang ng mga Kalahok
Ayon sa Eksperimental na Kondisyon

	IT	HIT	Total
Pakikisama	22	23	45
Pakikiramdam	32	27	59
Pakikipagkapwa-Tao	35	34	59
Total	89	74	163

Tsek ng Manipulasyon

Ayon sa mga kalahok, malinaw ang paglalarawan ng relasyon kay A na kanilang nabasa mula sa mga *vignette* (M = 3.9; SD = 1.15). Samantala, makabuluhan din ang naging pagtatasa ng mga kalahok sa paglalarawan ng IT at HIT na relasyon. Tulad ng inaasahan, ang paglalarawan kay A bilang HIT ay nagtamo ng mas mataaas na *rating* sa *lapit ng loob*, F (1, 162) = 383.6, η^2 = .70; *gaan ng loob*, F (1, 162) = 353.4, η^2 = .68; at *pagkakasundo* F (1, 162) = 214.2, η^2 = .57. Kung kaya naman, maaaring ituring na epektibo ang ginawang pagkakaiba sa HIT at IT.

Naging malinaw rin para sa mga kalahok ang pagkakasaad ng mga paglabag (M = 4.1, SD = 1.12) dahil walang makabuluhang istatiskal na pagkakaiba ang kanilang mga *rating* sa alinmang kondisyon ng paglabag. Subalit, makabuluhan namang tinasa ang paglabag ng *pakikisama* bilang "pagtalikod sa kasunduan" (M = 4.6; SD = 0.6), F (1, 163) = 73.44, $p < .01$; paglabag ng *pakikiramdam* bilang "walang pakiramdam" (M = 3.68; SD = 0.8), F (1, 163) = 0.78, *hindi makabuluhan*; at ang paglabag ng *pakikipagkapwa-tao* bilang "pagmamaliit" (M = 4.0; SD = 0.9), F (1, 163) = 20.82, $p < .01$.

Makikita sa Pigura 1 na sa mga tsek ng manipulasyon, tanging ang paglabag ng *pakikiramdam* ang hindi umabot sa makabuluhang pagkakaiba. Ibig sabihin, hindi matagumpay na naipabatid sa mga kalahok na ang inihaing insidente ay halimbawa ng kawalan ng konsiderasyon sa damdamin ng iba. Upang maiwasan ang posibleng *confounding* na dulot ng kahinaan ng manipulasyon ng paglabag ng *pakikiramdam*, minabuti na hindi isama sa sumusunod na pagsusuri ang datos mula sa kondisyon ng paglabag ng *pakikiramdam*. Mula sa 163 bilang na kalahok, tanging datos lamang mula sa natitirang 104 kalahok ang isinailalim sa mga sumusunod na istatistikal na pagsusuri.

Pigura 1. Mean Ratings ng Paglalarawan sa mga Paglabag



RESULTA AT DISKUSYON

Bigat ng Paglabag

Taliwas sa inaasahan, walang tuwirang hiwalay na epekto ang uri ng paglabag at tipo ng relasyon sa pagtatasa ng bigat ng paglabag. Ngunit may natagpuang makabuluhan ngunit lubhang mahinang interaksyon sa dalawang salik na ito, $F(1, 103) = 5.65$, $p < .05$, $\eta^2 = .00$. Makikita sa Pigura 2 ang *mean ratings* ng naging interaksyon.

Taliwas sa inaasahan sa Teorya ng *Kapwa*, nagkaroon ng pagkakaiba sa pagtatasa ng mga kalahok sa bigat ng paglabag ng *pakikipagkapwa-tao* depende sa kung aling tipo ng relasyon mayroon kay A. Kung ang lumabag ng *pakikipagkapwa-tao* ay IT, itinuturing itong mabigat na paglabag kumpara sa kung ang lumabag nito ay HIT. Samantala, halos pareho naman ang bigat ng paglabag ng *pakikisama* sa IT at HIT. Samakatwid, may pag-iiba na dulot ang tipo ng relasyon, kung ito ay HIT o IT, sa pagtingin sa bigat ng paglabag ng *pakikipagkapwa-tao*.

Pigura 2. Gaano Kaseryoso ang Paglabag?



Mainam ding pag-isipan kung bakit sa kondisyong HIT, nakitang mas seryosong paglabag ang kawalan ng *pakikisama* kaysa paglabag ng *pakikipagkapwa-tao*. Posible kayang may kinalaman ito sa barkadahan ng mga kabataan sa kasalukuyang panahon kung saan napakatingkad ng *pakikisama* (Lajom *et al*. 2009)? Kung magkagayon, pagkakataon ito upang muling pag-isipan ang papel ng *pakikisama* sa ating mga pakikipag-ugnayan.

Tindi ng Negatibong Damdamin

Sa pangkalahatan, matindi ang negatibong damdaming naranasan ng mga kalahok matapos ang isang paglabag. Sa mga ito, pinakamatindi ang naranasang pagkainis ng mga kalahok dahil sa nangyari. Pinakamababa namang *mean* ang natamo ng lungkot para sa mga kalahok. Makikita ang pagkakasunud-sunod ng tindi ng damdamin sa Hanayan 4.

Hanayan 4. Means at SDs ng Tindi ng mga Negatibong Damdamin

	Mean	SD
Pagkabigla	6.08	1.32
Inis	5.62	1.52
Sama ng Loob	5.47	1.28
Pagkapahiya	5.15	1.54
Tampo/Hinanakit	4.97	1.62
Galit	4.67	1.52
Lungkot	4.45	1.81

Kapansin-pansin ring hindi galit at tampo/hinanakit kundi pagkabigla at inis ang namayaning emosyon matapos ang isang paglabag. Idagdag pang ang tampo/hinanakit at galit, kasama ang lungkot, ang may pinakamababababang mga *rating* sa hanay ng mga damdamin. Kaiba ito sa naging resulta ng pag-aaral ni Gottman (1993). Samantala, ang tindi ng pagkabigla ay isang lohikal na reaksyon sa mga pangyayaring hindi inaaasahan tulad ng mga pinagtutuunang paglabag. Sa isang banda, maaari namang iturin na ang inis ay mas katamtamang anyo ng galit. Batay sa isinagawang pagsusuri, ang mga damdaming tulad ng inis, pagkabigla, at pagkapahiya lamang ang nagkaroon ng magkabuluhang pagkakaiba. Dahil dito, mas nagtuon ang pagtalakay sa mga nabanggit na resulta.

Tanging ang uri ng relasyon lamang ang nagbigay ng makabuluhan ngunit kaunting pagkakaiba sa tindi ng inis na nararamdaman, $F (1, 103) = 8.73$, $p < .01$, $\eta^2 = 0.08$. Alinsunod sa hipotesis, mas nakapagdulot ng inis ang paglabag na ginawa ng IT ($M_{IT} = 6.0$; $SD = 1.31$) kaysa HIT ($M_{HIT} = 5.15$; $SD = 1.63$).

Samantala, ang uri ng *values* na nilabag naman ang siyang nagsagawa ng makabuluhan ngunit maliit na pagkakaiba pagdating sa pagkapahiya, $F (1, 103) = 4.61$, $p < .05$, $\eta^2 = 0.00$. Mas nagdulot ng pagkapahiya sa mga kalahok nang sila ay naging target ng paglabag ng *pakikipagkapwa-tao* ($M_{PKT} = 5.44$, $SD = 1.45$) kumpara sa pagkahiyang naidulot ng paglabag ng *pakikisama* ($M_{PKS} = 4.78$, $SD = 1.58$). Itinuturing na moral na damdamin ang hiya o *shame* (Eisenberg 2000; Tangney *et al*. 2007). Sa kulturang Pilipino, tinitingnan ang hiya bilang isang damdaming nagpapahayag ng sakit na nararamdaman (Bulatao 1964). Mas pinino ni Zeus Salazar (1985) ang pagsusuri sa hiya sa pamamagitan ng pag-aaral ng pagbabago ng kahulugan batay sa panlaping ginagamit. Sa konteksto ng pagtalakay, samakatwid, ang pagkapahiya ay isang masakit na damdaming dulot ng isang sosyal na pangyayari.

Sa kabilang banda, nagkaroon naman ng makabuluhan ngunit mahinang interaksyon sa pagitan ng dalawang salik pagdating sa pagkaranas ng pagkabigla, $F (1, 103) = 7.56$, $p < .01$, $\eta^2 = 0.07$. Makikita sa Pigura 3 na ang makabuluhang pagkakaiba ng pagdanas ng pagkapahiya ay nasa sitwasyong IT ang gumawa ng paglabag: Mas matindi ang pagkabigla ng mga kalahok sa paglabag ng isang IT sa *pakikipagkapwa-tao*. Nangangahulugan na labis na taliwas sa inaasahan kapag ang isang IT ay gumawa ng paglabag ng *pakikipagkapwa-tao*. Sa pagkakataong ito, ang pagkabigla ay maaaring tanda ng panlipunan o moral na paglabag.

Pigura 3. Gaano Katindi ang Pagkabigla?



Samantala, halos pantay lamang ang antas ng pagkabiglang naranasan sa alinmang paglabag na ginawa ng isang HIT. Marahil ang pagkabiglang ito naman ay nanggaling sa hindi pagkapaniwala na makakayanang sadyang makapananakit ang isang HIT.

Pagpapanatili ng Relasyon

Taliwas sa Teorya ng *Kapwa*, walang kinalaman ang uri ng *values* na nilabag sa desisyon kung mananatili sa relasyon o hindi. Mas naging matingkad ang epekto ng uri ng relasyon sa pagkakaiba ng desisyon kung mananatili sa relasyon matapos ang isang paglabag, $F(1, 103) = 58.84$, $p < .01$, $\eta^2 = 0.37$. Importanteng banggitin na ang resultang ito ay nagpapahiwatig ng katamtamang *effect size*. Tulad ng inasahan, ang mga paglabag ng isang IT ay mas humantong sa isang desisyon na wakasan ng relasyon ($M_{IT} = 3.11$, $SD = 1.6$) kumpara sa paglabag ng isang HIT ($M_{HIT} = 5.28$, $SD = 1.21$). Maituturing na sa relasyong HIT, may naibuhos nang investment at komitment ang isang tao kung kaya't hindi siya gumagawa agad-agad ng hakbang upang wakasan ang ganitong relasyon (McCullough *et al*. 1997).

KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Pinagtuunan ng pansin sa pag-aaral na ito ang epekto ng uri ng paglabag ng mga *values*, na batay sa balangkas ni Enriquez (1990), at ang uri ng relasyon sa taong lumabag (IT *vs.* HIT) sa pagtatasa ng bigat ng paglabag, tindi ng negatibong damdaming dulot ng paglabag, at pagdedesisyon ukol sa pagpapanatili ng relasyon. Napag-alamang may ilang magkahiwalay na epekto ang uri ng *value* na nilabag at tipo ng relasyon sa ilang relasyonal na salik. Mas matindi ang pagkapahiya kung ang isang tao ay naging target ng paglabag ng *pakikipagkapwa-tao* kumpara sa paglabag ng *pakikisama*. Samantala, mas

matinding inis naman ang nararamdaman kung ang paglabag ay isinagawa ng isang IT kumpara sa HIT. Malaki rin ang posibilidad na ang paglabag ng IT ay hahantong sa desisyong wasakan na ang relasyon.

May ilan din namang resultang dulot ng makabuluhang kombinasyon ng dalawang salik. Halimbawa, napag-alamang mas seryoso ang turing ng mga kalahok at mas matindi rin ang kanilang pagkabigla kung isang IT ang lalabag sa atas ng *pakikipagkapwa-tao*.

Mainam na kontribusyon ang kasalukuyang pag-aaral sa lumalagong literatura sa pagpapatawad sa kulturang Pilipino (Santos 2012; Rungudin at Rungduin 2013; Roxas *et al*. 2014). Posibleng may kinalaman ang uri ng relasyon (kung HIT o IT) sa mga pagdedesisyon kung magpapatawad o hindi matapos ang isang pagkakasala.

Ano ang implikasyon ng mga resultang ito sa Teorya ng *Kapwa*? Maaaring sabihing bahagyang nasuportahan ang ipinanukalang hirarkiya sa pagitan ng *pakikipagkapwa-tao* at *pakikisama* (Enriquez 1990). Nakita ito sa pagkakaiba ng pagkaranas ng pagkapahiya, na tanda ng tindi ng sakit na maaaring nararamdaman ng isang taong nasaktan. Bilang *core value*, mas matindi ang sakit na mararamdaman (*e.g.*, pagkapahiya) kung siya ay magiging target ng paglabag ng *pakikipagkapwa-tao* (*e.g.*, pagmamaliit) kumpara sa paglabag ng *pakikisama*. Ito ay sa dahilang ang paglabag ng *pakikipagkapwa-tao*, kung susundin ang Teorya ng *Kapwa*, ay nangangahulugan ding pag-atake sa kaibuturan at dangal natin bilang tao.

Subalit may mga pagkakataong mas higit ang epekto ng uri ng relasyon, pagiging HIT o IT, kaysa uri ng paglabag. Ito ang isang aspektong hindi gaanong pinagtutuunan ng pansin ni Enriquez sa hangad niyang itampok ang kahalagahan ng *pakikipagkapwa-tao*. Bukod sa *pakikipagkapwa-tao*, may iba pang mga pamantayan ng ating mga gawi at pagkilos sa ating mga interpersonal na relasyon: ang pagiging IT o HIT. Napag-alamang kahit nakikitang seryoso ang paglabag (*e.g.*, paglabag ng *pakikipagkapwa-tao*), at nagdudulot man ito ng pagkainis, kung ito naman ay ginawa ng isang taong itinuturing na hindi iba, hindi ito agad hahantong sa isang desisyong wakasan ang relasyon. Posible kayang ituring ito bilang halimbawa ng isang *HIT-bias* o isang iskima o paraan ng pag-iisip na nagpapayag ng kakaiba o labis na pagkiling para sa isang HIT na relasyon? Ang ganitong epekto ay naobserbahan din sa pag-aaral ni Clemente (2010) ukol sa pagpabor ng mga estudyante sa mga gurong itinuturing nilang HIT sa mga *teacher evaluation*. Samantala, kung nasa IT pa lamang ang relasyong namamagitan nang may paglabag na naganap, posibleng agad na humantong ito sa pagkasira ng relasyon. Nangangahulugang may *moderating role* ang HIT at IT sa pagtatasa kung ang paglabag ay ituturing na seryoso at kabigla-bigla.

Isang posibleng direksyon ng pagpipino ng Teorya ng *Kapwa* ay ang paglilinaw ng papel ng konteksto ng relasyon: kung HIT at IT. Lumilitaw na umaayon sa panukala ni Enriquez ukol sa hirarkiya ng *values* kung ang konteksto nito ay IT na mga relasyon: Mas seryoso, at mas matindi ang negatibong damdaming dulot ng paglabag ng *pakikipagkapwa-tao* kung isang IT ang gumawa nito. Subalit kung HIT na relasyon na ang pinag-uusapan, posibleng maging mas komplikado na ang pamantayan ng relasyon. Nangangahulugan bang dapat

nang talikuran ang balangkas ni Enriquez? Sa aking palagay, masyadong maaga pa para gawin ito sa ngayon. Malaking bagay na marahil ang pagtanggap na mas makabuluhan ang balangkas ni Enriquez bilang pamantayan ng pangkalahatang gawi at kilos tungo sa IT.

Ano na ang maaaring susunod na hakbang sa larangang ito? Mahirap sabihing lubusang napagtibay o napasubalian ang Teorya ng *Kapwa* sa pamamagitan ng isang pag-aaral lamang. Nangangailangan ito ng masigasig na programa ng pananaliksik na naglalayong subukin ang iba't ibang aspekto ng balangkas ni Enriquez. Isang kontribusyon ng kasalukuyang pag-aaral ay ang muling pagsisimula sa mga susunod pang pagsubok at pagpapatibay ng Teorya ng *Kapwa*.

Posibleng may malaking kinalaman ang mga ipinabatid na mga eksena sa pagturing na mas seryoso ang pagpapakita ng kawalan ng *pakikisama* ng isang HIT kaysa paglabag sa *pakikipagkapwa-tao*. Baka ang pagmamaliit ay hindi pinakamainam na halimbawa ng isang paglabag ng *pakikipagkapwa-tao*. Kaya naman, mahalagang makapagsagawa ng mas malawakang pag-aaral ng mga pagkilos na nakatuon sa pagsusulong o paglabag sa mga *values* na inilahad ni Enriquez, katulad ng isinagawang pag-aaral ni Manalastas (2009). Makatutulong ito sa pagtitiyak ng mga lipon ng mga kilos na magtatakda ng hangganan ng mga konsepto sa *Sikolohiyang Pilipino*.

Kaugnay ng kasalukuyang pag-araal, importanteng maulit ang ganitong disenyo at sa susunod ay magtuon sa iba pang *values* sa balangkas ni Enriquez: *e.g.*, paghahambing sa *pakikisama* at iba pang *surface values*; ang paghahambing ng *accommodative* at *confrontative* na *surface values*.

Tiyaking magsagawa pa ng katulad na mga pag-aaral na nakapokus naman sa ibang grupo o sektor, halimbawa mga propesyonal at iba pang nakatatanda upang makita kung may debelopmental na pagkakaiba sa pagtatasa ng mga paglabag. Kung isasagawa ito gamit ang kasalukuyang metodolohiya (paggamit ng mga *vignette*), iminumungkahi na tiyaking ang mga ilalahad na sitwasyon at eksena ay makabuluhan at makahulugan sa konteksto ng piniling grupo o sektor.

Mga Sanggunian

Aron, A., E.N. Aron, M. Tudor, at G. Nelson (1991). Close relationships as including other in the self. *Journal of Personality and Social Psychology*, 60 (2), 241-253.

Barnes, C.D., R.P. Brown, at L.L. Osterman (2009). Protection, payback, or both? Emotional and motivational mechanisms underlying avoidance by victims of transgressions. *Motivation and Emotion*, 33 (4), 400-411.

Billedo, C.J.B. (2009, Agosto 13-15). From CTC to TC: A look at Filipino social relationships online. Di-nalathalang papel, 46th Annual Convention of the Psychological Association of the Philippines (PAP), Dumaguete City, Philippines.

Boon, S.D. at L.M. Sulsky (1997). Attributions of blame and forgiveness in romantic relationships: A policy-capturing study. *Journal of Social Behavior and Personality*, 12 (1), 19-44.

Bulatao, J.C. (1964). Hiya. *Philippine Studies*, 12 (3), 424-438.

Cameron, J.J., M. Ross, at J.G. Holmes (2002). Loving the one you hurt: Positive effects of recounting a transgression against an intimate partner. *Journal of Experimental Social Psychology*, 38 (3), 307-314.

Church, A.T. at M.S. Katigbak (2002). Indigenization of psychology in the Philippines. *International Journal of Psychology*, 37 (3), 129-148.

Clemente, J.A.R. (2010, Agosto 18-20). Contextualizing fairness perceptions: Investigating possible moderating effects of the categories of kapwa in a classroom justice context. Di-nalathalang papel, 47th Annual Convention of the Psychological Association of the Philippines (PAP), Puerto Princesa City, Philippines.

Clemente, J.A. (2011). Walang personalan? Measuring the impact of respectful treatment and ibang tao-hindi ibang tao teacher-student relationships on college students' perceptions of teacher fairness and competence. Di-nalathalang tesis masteral, University of the Philippines, Diliman, Quezon City.

Darby, B.W. at B.R. Schlenker (1982). Children's reactions to apologies. *Journal of Personality and Social Psychology*, 43 (4), 742-753.

Dela Cruz, M.T, E. Protacio-Marcelino, F. Balanon, J.A. Yacat, at C. Francisco (2001). *Trust and power: Child abuse in the eyes of the child and the parent*. Quezon City: United Children's Fund Philippines, University of the Philippines Center for Integrative Development Studies Program on Psychosocial Trauma and Human Rights, at Arci Cultura Syvillupo.

Eisenberg, N. (2000). Emotion, regulation, and moral development. *Annual Review of Psychology*, 51 (1), 665-697.

Enriquez, V.G. (1978, Enero-Disyembre). Kapwa: A core concept in Filipino social psychology. *Philippine Social Sciences and Humanities Review*, 42 (1-4), 100-108.

Enriquez, V.G. (1990). Indigenous personality theory. Nasa V.G. Enriquez (pat.), *Indigenous psychology: A book of readings*. Quezon City: Philippine Psychology Research and Training House, 285-308.

Enriquez, V.G. (1992). *From colonial to liberation psychology: The Philippine Experience*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Finch, J. (1987). The vignette technique in survey research. *Sociology*, 21 (1), 105-114.

Fincham, F.D. (2000). The kiss of the porcupines: From attributing responsibility to forgiving. *Personal Relationships*, 7 (1), 1-23.

Fincham, F.D., H. Jackson, at S.R. Beach (2005). Transgression severity and forgiveness: Different moderators for objective and subjective severity. *Journal of Social and Clinical Psychology*, 24 (6), 860-875.

Girard, M. at E. Mullet (1997). Forgiveness in adolescents, young, middle-aged, and older adults. *Journal of Adult Development*, 4 (4), 209-220.

Gottman, J.M. (1993). A theory of marital dissolution and stability. *Journal of Family Psychology*, 7 (1), 57-75.

Haidt, J. at J. Baron (1996). Social roles and the moral judgement of acts and omissions. *European Journal of Social Psychology*, 26 (2), 201-218.

Knutson, K.M., F. Krueger, M. Koenigs, A. Hawlet, J. Escobedo, V. Vasudeva, R. Adolphs, at J. Grafman (2010). Behavioral norms for condensed moral vignettes. *Social Cognitive and Affective Neuroscience*, 5 (4), 378-384.

Lajom, J.A., N. Canoy, R. Amarnani, A.M. Parcon, at P.M. Valera (2009). Barkadahan: A study of peer group norms and values among Filipino adolescents. *Philippine Journal of Psychology*, 42 (2), 195-212.

Lynch, F. (1973). Social acceptance reconsidered. Nasa F. Lynch at A. de Guzman II (mga pat.), *Four readings on Philippine values; Fourth edition*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1-68.

Manalastas, E.J. (2009, Agosto 13-15). Acts of pakikipagkapwa: An act frequency approach. Di-nalathalang papel, 46th Annual Convention of the Psychological Association of the Philippines (PAP), Dumaguete City, Philippines.

Mataragnon, R.H. (1987). Pakikiramdam in Filipino social interaction. Nasa E.R. Ventura (tagapag-ugnay), *Foundations of behavioral sciences: A book of readings*. Quezon City: University of the Philippines Social Science Committee, 470-482.

McCullough, M.E., E.L. Worthington Jr., at K.C. Rachal (1997). Interpersonal forgiving in close relationships. *Journal of Personality and Social Psychology*, 73 (2), 321-336.

McCullough, M.E., K.C. Rachal, S.J. Sandage, E.L. Worthington Jr., S.W. Brown, at T.L. Hight (1998). Interpersonal forgiving in close relationships: II. Theoretical elaboration and measurement. *Journal of Personality and Social Psychology*, 75 (6), 1586-1603.

Ohbuchi, K.I., M. Kameda, at N. Agarie (1989). Apology as aggression control: Its role in mediating appraisal of and response to harm. *Journal of Personality and Social Psychology*, 56 (2), 219-227.

Park, Y.O. at R.D. Enright (1997). The development of forgiveness in the context of adolescent friendship conflict in Korea. *Journal of Adolescence*, 20 (4), 393-402.

Ramos, P.A. (2010, Nobyembre 25-27). Ang mga ibang tao at hindi ibang tao sa Facebook: Mga antas ng pakikipagkapwa sa larangan ng isang social networking site. Di-nalathalang papel, Ika-35 Pambansang Kumperensya ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP), Baguio City, Philippines.

Rokeach, M. (1973). *The nature of human values*. New York: Free Press.

Roxas, M.M., A.P. David, at E.C. Caligner (2014). Examining the relation of compassion and forgiveness among Filipino counselors. *Asian Journal of Social Sciences and Humanities*, 3 (1), 53-62.

Rozin, P. (1996). Towards a psychology of food and eating: From motivation to module to model to marker, morality, meaning, and metaphor. *Current Directions in Psychological Science*, 5 (1), 18-24.

Rungduin, D.C. at T.T. Rungduin (2013). The emergence of Filipino values among forgiveness studies. *International Journal of Research Studies in Psychology*, 2 (4), 17-34.

Salazar, Z.A. (1985). Hiya: Panlapi at salita. Nasa A. Aganon at M.A. David (mga pat.), *Sikolohiyang Pilipino: Isyu, pananaw, at kaalaman*. Manila: National Book Store, 288-297.

Santiago, C.E. (1976). The language of food. Nasa G.F. Cordero (pat.), *Culinary culture of the Philippines*. Manila: Bancom Audiovision Corporation, 133-139.

Santiago, C.E. at V.G. Enriquez (1976). Tungo sa makapilipinong pananaliksik. *Sikolohiyang Pilipino: Mga Ulat at Balita*, 1 (4), 3-10.

Santos, H.C.Y. (2012). *Interpersonal motives and cultural values behind forgiveness: A study in the Philippines and in the United States*. Di-nalathalang tesis batsilyer, Georgetown University, Washinton D.C., USA.

Schoenberg, N.E. at H. Ravdal (2000). Using vignettes in awareness and attitudinal research. *International Journal of Social Research Methodology*, 3 (1), 63-74.

Schwartz, S.H. (1992). Universals in the structure and content of values: Theoretical advances and empirical tests in 20 countries. Nasa M.P. Zanna (pat.), *Advances in experimental social psychology; Volume 25*. Orlando, FL: Academic Press, 1-65.

Smith, P.B., M.H. Bond, at Ç. Kâgitçibasi (2006). *Understanding social psychology across cultures: Living and working in a changing world*. London: Sage.

Sta. Maria, M. (1996). Is the indigenization criss in Philippine social sciences resolved in Sikolohiyang Pilipino? *Layag*, 1 (1), 101-120.

Tangney, J.P., J. Stuewig, at D.J. Mashe (2007). Moral emotions and moral behavior. *Annual Review of Psychology*, 58, 345.

Tyler, T.R. at R.J. Boeckmann (1997). Three strikes and you are out, but why?: The psychology of public support for punishing rule breakers. *Law and Society Review*, 31 (2), 237-266.

Vidmar, N. (2002). Retributive justice: Its social context. Nasa M. Ross at D.T. Miller (mga pat.), *The justice motive in everyday life*. Cambridge: Cambridge University Press, 291-313.

Weiner, B. (1995). *Judgments of responsibility: A foundation for a theory of social conduct*. New York: Guilford.

Yacat, J.A, C.A.A. De Villa, J.A.R. Clemente, at J. Toledo (2009, Agosto 13-15). Filipino social relationships: Surfacing underlying themes of ibang tao/hindi ibang tao. Di-nalathalang papel, 46th Annual Convention of the Psychological Association of the Philippines (PAP), Dumaguete City, Philippines.

Younger, J.W., R.L. Piferi, R.L. Jobe, at K.A. Lawler (2004). Dimensions of forgiveness: The views of laypersons. *Journal of Social and Personal Relationships*, 21 (6), 837-855.

Ysseldyk, R., at M.J. Wohl (2012). I forgive therefore I'm committed: A longitudinal examination of commitment after a romantic relationship transgression. *Canadian Journal of Behavioural Science/Revue Canadienne des Sciences du Comportement*, 44 (4), 257-263.